8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sagutang Papel sa Filipino 8**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Allan A. Ortiz (Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus)

**Tagasuri:** Philippine Normal University- Research Institute for Teacher Quality

**Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO / BAITANG 8 / KWARTER 3**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagigingmalikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay na nasa video o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa***<br>*Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon*<br>1. *(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula*<br>2. *(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula*<br>3. *(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao*<br>4. *(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda*<br>5. *(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma,tono at talinghaga) ng tula*<br>6. *(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon* |
| **D. Nilalaman** | -Tanka bilang tula ng damdamin<br>-Baliktanaw sa kasaysayan ng tanka sa bansang Hapon (Mga kilalang manunulat ng tanka (Ki no Tomonori, Ki Tsurayuki at Oshikochi Mitsune)<br>-Baliktanaw sa kasaysayan ng Tanka sa Pilipinas<br>-Katangian ng Tanka (elemento ng tula/ elementong panlinggwistika) |

| | |
|---|---|
| | -Mga Halimbawang Tanka<br>-Denotasyon / Konotasyon |
| **E. Integrasyon** | Mga Isyung Pangkapaligiran at Pangkalikasan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


- Santiago, E., Kahayon, A., Limdico, M., (1989). Panitikang Filipino. National Book Store. Mandaluyong City
- Sauco, C., Papa, N., Sta. Ana, N., (1997). Panitikang Filipino (Pandalubhasaan). Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City
- Salazar, L., Atienza, O., Ramos, M., Nazal, A., (1995). Panitikang Filipino *Pangatlong Edisyon.* Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City
- Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br>**TUGON-TANONG:** Sagutin ang mga tanong batay sa nakaraang paksa sa panahon ng Amerikano.<br><br>"Insektong puti<br>Sa tahana'y dumalaw<br>Ang aking lolo."<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano ang kahalagahan ng mga elemento ng tula sa pagsulat ng haiku?<br>2. Bakit binibigyang halaga ng mga Hapon ang kalikasan at buhay ng tao sa pagsulat ng haiku?<br>3. Ano ang itinuturo sa mga Pilipino ng pagsulat ng haiku? Paano ito pinahahalagahan ng mga Pilipino sa kasalukuyan?<br>4. Paano mo maipamamalas ang pagpapahalaga sa buhay at pangangalaga sa kalikasan sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa? | **Unang Araw**<br><br>Gawing oral ang balik-aral at magtuon sa pagtataguyod pagpapahalagang pangkalikasan at pangkapaligiran sa kasalukuyang kalagayan ng bansa.<br><br>Ang haiku ay mula sa:<br>*https://www.youtube.com/watch?app=desktop&v=2DgiPfdHnpI* |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**LARAWANALISIS** | Gabayan ang mga mga-aaral sa pagtalakay ng mga kasagutan sa konsepto ng |

**Gabay na tanong:**

1. Paano ipinakikita ng tao ang kanyang pag-ibig sa isang tao?
2. Ano-anong bagay ang maaring iugnay na may simbolismo ng pag-ibig o pagmamahal - postibo at negatibo?
3. Paano mo mailalarawan ang iyong nararamdamang pag-ibig sa isang tao?
4. Saan anyo ng panitikan maaaring ilapat ang nararamdamang pag-ibig?

pag-ibig. Iugnay ang mga sagot sa tatalakaying paksa.

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Isulat ang titik sa Hanay B ng denotasyong kahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap na makikita sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Mababasa ang mga sinaunang tanka sa antolohiya sa Mansoshu. | A. isang daang tao |
| 2. Si Balagtas ay kilalang makata dahil sa kanyang isinulat na "Floranre at Laura." | B. taong sumuslat ng tula |
| 3. Eksklusibo lamang ang wikang Hapon sa pagsasalita at wala pang sistema ng pagsulat. | C. taong maharlika |
| 4. Tanging mga aristokrata lamang ang gumagamit ng tanka sa bilang isang laro. | D. koleksyon ng mga tula o ibang uri ng akda |
| 5. Nagmula noong ikawalong siglo ang tanka. | E. tangi o tumutukoy sa bagay |

Sagot:
1. D
2. B
3. E
4. C
5. A

**Panuto:** Piliin sa kahon ang konotasyon kahulugan ng salita sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| pag-asa | kasipagan ng tao gaya ng magsasaka | pagmamahal |
| | taniman ng palay | |

_________________________ 1. bukid
_________________________ 2. puso

Sagot:
1. taniman ng palay
2. pagmamahal
3. kasipagan ng tao gaya ng magsasaka
4. pag-asa

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________ 3. palayan<br>______________________ 4. araw | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1:** ______________________<br>**Kaligirang Pangkasaysayan ng Tanka**<br>Allan A. Ortiz<br><br>Ang **Tanka** ay isang uri ng tula na may limang taludtod, at ito ay nagmula noong ikawalong siglo. Ang pinakaunang Tanka ay matatagpuan sa **Manyoshu** o "Collection of Ten Thousand Leaves," isang antolohiya ng mga tula na naglalaman ng 4,500 na tula, kung saan siyamnapung bahagdan nito ay tanka. Sa panahong lumabas ang Manyoshu, nagsimulang pahalagahan ng mga makatang Hapon ang kanilang wika sa pamamagitan ng madamdaming pagpapahayag. Ang mga unang makatang Hapon ay sumusulat sa wikang Tsino sapagkat eksklusibo lamang ang wikang Hapon sa pagsasalita at wala pang sistema ng pagsulat. Sa pagitan ng ika-5 hanggang ika-8 siglo, isang sistema ng pagsulat ng Hapon ang nilinang na mula sa karakter ng pagsulat sa Tsina upang ilarawan ang tunog ng Hapon. Tinawag na **Kana** ang ponemikong karakter na ito, na ang ibig sabihin ay "hiram na mga pangalan." Noong panahong nakumpleto na ang Manyoshu, nagsimulang pahalagahan ng mga makatang Hapon ang wika nila sa pamamagitan ng madamdaming pagpapahayag. Kung historikal ang pagbabatayan, ipinahahayag ng mga Hapon na ang Manyoshu ang simula ng panitikan nilang nakasulat na matatawag nilang sariling-sarili nila. Maikling awitn ang ibig sabihin ng tanka. Ito ay puno ng damdamin at karaniwang nagpapahayag ng emosyon o kaisipan. Karaniwang paksa nito ay pagbabago, pag-iisa, o pag-ibig. Ang tanka ay naging daan ng nagmamahalan upang magpahayag ng damdamin sa isa't isa. Ang mga aristokrata ay ginagamit din ang tanka sa paglalaro kung saan lilikha ng tatlong taludtod at dudugtungan naman ng ibang tao ng dalawang taludtod upang mabuo ang isang tanka.<br><br>Maiikling awitin ang Tanka na binubuo ng tatlumpu't isang pantig na may limang taludtod. Karaniwang hati ng pantig sa mga taludtod ay: 7-7-7-5-5, 5-7-5-7-7 o maaaring magkapalit-palit din na ang kabuuan ng pantig ay tatlumpu't isang pantig pa rin. Karaniwang paksa nito ay pagbabago, pag-ibig, at pag-iisa. Kaya't sa paglikha ng Tanka, maaari nating gamitin ang kakaunting salita uang magpahayag ng malalim na damdamin at makapagbigay-inspirasyon sa isa't isa.<br><br>***Halimbawa ng Tanka*** | Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto at talakayin.<br><br>Link:<br>https://www.padayonwikangfilipino.com/kaligirang-pangkasaysayan-ng-tanka-at-haiku/<br>https://brainly.ph/question/207084 |

*Araw na mulat*
*Sa may gintong palayan*
*Ngayon taglagas*
*'Di ko alam kung kelan*
*Puso ay titigil na*

Ang tankang iyong nabasa ay sisnulat ni Empress Iwa no Hime, na siyang Empress-consort of the 16th, Emperor Nintoku. Sinasabing ang tula ay isinulat ng empress dahil sa kabiguan niyang masolo ang pag-ibig ng emperor.

*Sa Muraski*
*Ang bukid ng palasyo*
*Pagpumunta ka*
*'wag ka sanang makita*
*Na kumakaway sa'kin*


Ang tanka ay isinulat noong ika-7 siglo ni Prinsesa Nukata. Isinulat niya ito noong dumalo siya ng *ceremonial gathering og the herbs* noong May 6, 668 na inorganisa ni Emperor Tenji. Isa si Princesesa Nukata sa mga consorts ng naturang emperor. Inalay niyo ito sa kanyang dating asawa na si Prince Oama.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **PANGKATALAKAYAN -** Hahatiin ang klase sa pangkat upang gawin ang pankatang talakayan gamit ang mga *graphic organizers.* Ibabahagi sa klase ang ma impormayong kanilang naitala.

*Pangkat 1*
Ilagay sa kahon ang mga mahahalgang pangyayari kaugnay sa pag-unlad ng tanka sa Pilipinas.

Sa pagkatang Gawain, maaaring gamitin ang mga mag-aaral ang kanilang smartphone upang magsaliksik ng impormasyon kaugnay sa elemento ng tula. Maaaring palitan ang halimbawang tanka batay sa pananaliksik ng mga mag-aaral.




*Pangkat 2*
Suriin ang tanka batay sa katangian ng tula (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **Katapusan ng Aking Paglalakbay**<br>Ni Oshikochi Mitsune<br>Isinalin sa Filipino ni M.O. Jocson<br><br>Napakalayo pa nga<br>Wakas ng paglalakbay<br>Sa ilalim ng puno<br>Tag-init noon<br>Gulo ang isip | Anyo: |
| | Sukat: |
| | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talingkahaga: |
| | Elementong Pangliggwistika |

| | | |
|---|---|---|
| | | |

*Pangkat 3*
Suriin ang tanka batay sa katangian ng tula (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **Naghihintay Ako**<br>ni Prinsesa Nukada<br>Isinalin sa Filipino ni M.O. Jocson<br><br>Naghintay ako, oo<br>Nanabik ako sa'yo<br>Pikit-mata nga ako<br>Gulo sa dampi<br>Nitog taglagas. | Anyo: |
| | Sukat: |
| | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talingkahaga: |
| | Elementong Pangliggwistika |

*Pangkat 4*
Suriin ang haiku batay sa katangian ng kultura at elemento (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| **Tanka ni Ki No Tomonori**<br>**Isinalin sa Filipino ni Vilma C Ambat**<br><br>Payapa at tahinik<br>Ang araw ng tagsibol<br>maaliwalas<br>Bakit ang cherry blossoms<br>naging mabuhay. | Pahiwatig: |
|---|---|
| | Simbolo: |
| | Talinghaga: |
| | Larawang-diwa: |
| | Imahen: |

**Rubrics:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | NATATANGI (3) | MAHUSAY (2) | KAILANGAN PA NG PAGSASANAY (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napaka –ayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ng nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyo n | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |
| Pagkakasuno s-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasun od-sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **TANONG-TUGON:** Punan ang sumusunod na katanungan.

**Ikaapat na Araw**

I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral.
Ituon sa integrasyong:
Mga Isyung Pangkapaligiran

| | | |
|---|---|---|
| | | |

| Tanong | Tugon |
|---|---|
| 1. Paano nagsimula ang pagsulat at paglaganap ng tanka? | |
| 2. Bakit ang tema ng tanka ay patungkol sa pag-ibig at tao? | |
| 3. Paano mo maiuugnay sa kalagayan ng pangkapaligiran sa buhay ng mga Pilipino sa pagsulat ng mga tula gaya ng haiku? | |
| 4. Paano mo pahahalagahan ang ang pagsulat tula ng mga Pilipino gaya ng pagsulat ng tanka? | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**BALITAKTAKAN** – Magkakaroon ng malayang pagbabahaginan ang mga mag-aaral batay sa kanilang opinion o saloobin tungkol sa sumusunod na usapin:

1. konsepto ng wagas na pagmamahalan

2. Kaisipan ng mga kabataan tungkol sa “walang forever”

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**LAPAT-SULAT. -** Ipapahayag ang saloobin tungkol sa buhay ng pagmamahal ng buhay ng tao sa kasalukuyan sa pagsulat ng tanka.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________.

| KRAYTERYA/ DESKRIPSYON | NAPAKAHUSAY (5) | MAHUSAY (4) | KATAMTAMAN (3) | PAPAUNLAD (2) | NANGANGAILANGAN NG GABAY (1) |
|---|---|---|---|---|---|
| **Sangkap ng Tula (Sukat at Tugma)** | Napakahusay at wasto ang pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | Mahusay at wasto ang pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | May kaunting kamalian sa pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | Maraming napunang bahagi ng tula na walang sukat at tugmaan. | Walang sukat at tugma sa taludturan. |
| **Paggamit ng matatalinghaga ng pahayag** | Napakahusay ng paggamit ng matatalinghagang pahayag na nagbigay ng kasiningan sa binuong tula. | Mahusay ng paggamit ng matatalinghagang pahayag na may bahagyang dapat ayusin. | May mga ginamit na matatalinghagang pahayag subalit may ilan na hindi ganap ang kaugnayan sa \damdamin ng tula. | May mga ginamit na matatalinghagang pahayag subalit maraming hindi maiiugnay sa tulahindi sapat ang kansiningan nito. | Walang ginamit na matatalinghaga ng pahayag sa tula. |
| **Nilalaman** | Napakamalaman, makabuluhan at masining ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | Mahusay ang nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | Karaniwan ang husay ng nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | May kakulangan sa husay ng nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na bahagyang masasalamin ang kulturang ipinaksa ng tula. | Hindi maunawaan ang nilalaman ng tula. |
| **Pamamahala ng Oras at Pagtupad sa Responsibilidad** | Naipasa ang gawain sa itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain isang araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain dalawang araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain tatlong araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain 4 o higit pang araw sa itinakdang panahon.<br><br>Hindi nagpasa. |

## 2. Pagninilay sa Pagkatuto

| | | |
|---|---|---|
| | **NILAY-HAYAG:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br>Sa araling ito:<br>• Nalaman kong ________________________________.<br>• Naranasan kong ________________________________.<br>• Naramdaman kong ________________________________.<br>• Para sa akin, ang mga panitikan sa panahon ng katutubo ay______________.<br>• Bilang mag-aaral_____________________________.<br><br>**GABAY-NILAY**: Pasulat<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Basahin at unawain ang tanka at suriin ito sa pagsagot sa mga tanong sa bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br><br>**Paglisan**<br><br>Ang gabing lambong<br>Ang hikbi ay narinig<br>Luha'y pumatak<br>Paghihirap nagwakas<br>Magpahinga na Itay.<br><br>1. Ano ang simbolismo ng gabi sa tanka?<br>A. kapahingahan<br>B. kabalisaan<br>C. pagsibol<br>2. Ano ang denotasyon ngsalitang hikbi?<br>A. mahinang bulong | Link:<br>https://allanalmosaortiz.blogspot.com/2024/06/halimbawa-ng-tanka-at-haiku-ni-allan.html<br><br>**Sagot:**<br>1. A<br>2. C<br>3. C<br>4. B<br>5. B<br>6. C<br>7. C<br>8. A<br>9. B |

| | | |
|---|---|---|
| | B. inaantok na may paghikab<br>C. mahinang pag-iyak na may pagluha<br><br>3. Ano ang kaisipan ng tanka?<br>A. Suliraning dulot ng pagpanaw sa maiiwan.<br>B. Pagdurusa ng kalooban dahil sa sakit.<br>C. Pagpanaw ng ama dahil sa malalang karamdaman<br><br>4. Ano ang talinghagang nakapaloob sa tanka?<br>A. Ang pagmamahal sa Itay ay wagas kaya luha ay pumatak sa dahil sa kanyang pagdurusa.<br>B. Ang paglisan ng isang mahal sa buhay na ang pamamahinga ni Itay ay simbolismo para sa pagtanggap ng kapayapaan o paglaya mula sa paghihirap.<br>C. Sa pagsapit ng gabi ay may bagong suliraning darating.<br><br>5. Ano ang tono ng ng haiku?<br>A. kasiyahan<br>B. kalungkutan<br>C. kapayapaanl<br><br>**Disipina**<br><br>Disiplinahin<br>Kabataan ngayon<br>Makasariling puso<br>Bibliya'y basahin mo<br>Ika'y matuto.<br><br>6. Ano ang simbolismo ng kabataan sa tangkang “Disiplina”?<br>A. masipag<br>B. makaluma<br>C. makabago<br><br>7. Ano ang ipinahihiwatig ng “makasariling puso sa tangkang “Disiplina”?<br>A.Maraming nais gawin ang mga kabataan dala ng bilis ng panahon. | 10. A |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">B. May dalisay na kalooban ang mga kabataan sa kasalukuyan.<br>C. Palaging nakatuon sa pansariling kapakanan ang niloob ng mga kabataan.<br><br>8. Ano ang kaisipan ng haiku?<br>A. Wala nang disiplina ang mga kabataan ngayon, kailangang turuan.<br>B. Ang disiplina ay kailangan upang mabuhay ang kabataan.<br>C.Walang pagpapahalaga sa sarili ang mga kabataan.<br><br>9. Ano ang talinghagang nakapaloob sa haiku?<br>A. Kailang ng kabataan na magbasa dahil nasasayang ang kanilang panahon sa maraming bagay na walang halaga. .<br>B. Ipinahahayag ang pangangalangang magkaroon ng tamang pag-uugali, pag-aaral at pagtutok sa mga aral sa Bibliya upang maging metatag at maging mabuting indibidwal.<br>C. Mablis na nagbabago ang panahon at ang mga kabataan ay sunusunod sa ganitong pagbabago kaya umuunlad sila.<br><br>10. Ano ang tono ng ng tangka?<br>A. nangangaral<br>B. nangangatwiran<br>C. nagpapasalamat<br><br>1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>F. Magsaliksik tungkol sa tanaga at kung paano ito sinusulat.<br>G. Magbigay ng ilang halimbawa ng tanaga at bigyang pagsusuri ito gamit ang elemento ng tula.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">F. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="2">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Kagamitan*** | | | nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Allan A. Ortiz. Phd, SMRIEdr, SMRIM*** | ***Sinuri ni: Research Institute for Teacher Quality*** |
| ***Institusyon: Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus*** | ***Institusyon: Philippine Normal University*** |